# Allowance ng guro sa QC ibibigay na

Ipagkakaloob na sa mga guro ang kanilang allowance mula sa QC government.

Ayon kay Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte, matagal nang inaksyunan ng sangguniang panlungsod ang hinaing ng mga guro sa mga pampublikong paaralan hinggil sa kanilang allowances.

Aniya, sa limang concerns na ipinahayag ng mga guro kasama na ang pagtutol sa drug testing, unang naipasa ng Sangguniang panglungsod ang pagbibigay sa kanila ng allowance bago pa sila nagsagawa ng rally.

Binigyang diin ni Belmonte na inaprubahan na ng konseho ang pagtaas ng supplemental monthly allowance mula P1,000 hanggang P1,500 gayundin ang longevity pay mula P200 hanggang P300 bawat taon ng serbisyo na makukuha kapag nagretiro, ngunit magsisimula lamang kung anim na taon na sa serbisyo.

May karagdagang P500 pa aniya na quarterly rice allowance ang makukuha ng mga teaching at non-teaching staff sa paaralan kaya mula sa dating P1,500 na monthly allowance ay magiging P2,000 na ito.

Ang mga guro ay nag-rally sa harap ng Quezon City Hall upang tawagin ang pansin ng pamahalaang lungsod sa mga isyu ng pagtaas ng mga allowances, nahuhuling pagbigay ng nasabing allowance, pagtaas ng sahod, at ang mandatory drug testing para sa mga teachers at non-teaching staff at ang pagbabalik sa Landbank mula sa Globe BanKo ang pinagkukunan ng kanilang allowance.

Sinabi naman ni Belmonte na hindi sakop ng city council ang pagbabalik sa sistema ng Landbank ngunit maaari itong idulog sa Office of the Mayor at ang dagdag sahod naman ay ang national government lamang ang makapagpapasiya. *(Angie dela Cruz)*